



Welcome sa Swedish
Handbook ng Pasyente at Pamilya
Welcome to Swedish
Patient and Family Handbook (Tagalog)

Talaan ng mga nilalaman

Welcome sa Swedish	3
Liham mula sa aming CEO	4
Ang inyong team sa pangangalagang pangkalusugan	5
Paglilinanang ng kaligtasan	6
Ang inyong pananatili sa Swedish	7
Ang inyong mga medikal na talaan	9
Mga direktiba sa medikal na pangangalaga	10
Ang inyong mga karapatan bilang pasyente	11
Mga responsibilidad ng pasyente	12
Checklist ng pasyente	13
Mga tanong sa billing	14
Mga komento at alalahanin	15
Paunawa sa hindi pandidiskrimina	16
Mga Tala	18
Magbigay sa Swedish	19


Welcome sa Swedish

Noong 1910, nagsimula ang Swedish bilang isang maliit na ospital na may malaki at mapanghamong layunin: Ang maihatid ang pinakamahusay na medikal na pangangalagang magagamit sa rehiyon, na may mga sinanay sa pagkadalubhasang kawani at mga pinakabagong pag-unlad sa teknolohiya at kagamitan. Simula noon, lumago ang Swedish bilang isa sa mga pinakahigit na iginagalang na nonprofit na institusyong medikal sa Pacific Northwest, na may kaparehong layunin — ang mabigyan ang bawat pasyente ng napakahusay na paggamot at magandang pangangalaga.


Isang imigrante mula sa Sweden, pumunta si Nils Johanson sa Amerika sa pagtatapos ng ika-19 na siglo nang hindi marunong magsalita ng Ingles at may iilang dolyar lamang sa balsa, kumuha siya ng medikal na degree sa Denver at nagsanay bilang surgeon. Nang lumipat sa Seattle, nalungkot siya sa kakulangan ng mga primera-klaseng ospital noong panahong iyon at nagpasyang magtayo ng sarili niyang ospital. Dahil sa pinansyal na suporta mula sa mga kapwa imigranteng Swedish, naitayo ang Swedish Hospital sa First Hill. Simula nang maitatag kami, malaki ang naging pag-unlad sa aming kakayahang lumago at magkaroon ng pagbabago dahil sa suporta ng komunidad, na may ginagampanang mahalagang tungkulin sa pagpapahusay ng pangangalagang pangkalusugan sa ating rehiyon.

Ang mga taong nagtatrabaho sa Swedish ngayon ay ginagabayan pa rin ng parehong uri ng sigla at adhikaing nagbigay ng inspirasyon kay Dr. Johanson. Ang bawat miyembro ng inyong team sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga technician at nurse, hanggang sa mga doktor at surgeon, ay nagsisikap na mapanatili ang Swedish bilang nangunguna sa medikal na agham, umaasa sa progresibong pananaliksik at teknolohiya, at nagpupursiging makuha ang pinakamahuhusay na resulta para sa aming mga pasyente.

Umaasa kaming magiging komportable at kampante kayo dahil sa inyong karanasan dito. Ikinararantal naming kami ang napili ninyo upang magbigay sa inyo ng pinakamataas na kalidad ng medikal na pangangalaga mula sa mga maalagang kamay ng mga taong minamahal ang kanilang trabaho, mga eksperto sa kanilang ginagawa, at naninindigan para sa inyong kalusugan, kaligtasan at seguridad.



SWEDISH FIRST HILL



SWEDISH CHERRY HILL



SWEDISH BALLARD



SWEDISH EDMONDS (mula sa NBBJ)



SWEDISH ISSAQUAH

Mahigit sa isang siglong kahusayan



R. GUY HUDSON, M.D., MBA

Simula sa pagkakatatag nito, misyon at layunin na ng Swedish na mapabuti ang kalusugan at kapakanan ng bawat taong pinagsisilbihan namin. Sa kabila ng pagbabago ng Swedish sa nakalipas na siglo, nananatili pa rin ang aming paninindigang nakasentro sa kapakanan ng pasyente.

Upang makatulong sa pagpapaghawa ng inyong karanasan, ginawa namin ang handbook na ito upang maipakilala kayo sa inyong team sa pangangalaga at upang makatulong sa pagtugon sa mga alalahanin o tanong na maaaring mayroon kayo. Mangyaring huwag mag-atubiling magtanong sa sinumang miyembro ng inyong team sa pangangalaga o sa aming mga kawani para sa paglilinaw o para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong pananatili o sa inyong pangangalaga. Napakahalagang aktibo kayo sa pakikibahagi sa inyong pangangalaga at nagagampanan ng Swedish ang obligasyon nitong pagtugon sa lahat ng inyong pangangailangan sa panahon ng inyong pananatili.

Nauunawaan naming isang mabigat na sitwasyon ang pagsailalim sa pangangalaga sa isang ospital. Naninindigan kami sa pagbibigay sa inyo ng natatanging pangangalaga at pambihirang pag-aalaga. Kayo man ay sumasailalim sa isang regular na eksaminasyon, tumatanggap ng napakahalagang pangangalaga para sa isang pang-agarang usaping pangkalusugan, o ganap na nagpapagaling, ang inyong kalusugan at kaligtasan ang aming pinakaunang priyoridad.

Sa ngalan ng libu-libong tagapag-alagang iniaalay ang sarili sa pagbibigay sa ating komunidad ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga, nais ko kayong pasalamat sa pagpili sa Swedish bilang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

R. Guy Hudson, M.D., MBA
Chief Executive Officer

Ang inyong team sa pangangalagang pangkalusugan

Mga doktor at iba pang medikal na provider

Malamang na makakausap ninyo ang iba't ibang uri ng doktor sa panahon ng inyong pananatili sa Swedish. Ang ating medikal na kawani ay binubuo ng mga provider na nagtatrabaho sa Swedish, gayundin ng mga hiwalay na provider sa pribadong kasanayan. Ang nangangasiwang doktor, ay ang doktor, na karaniwang isang espesyalista, na nagbibigay ng direktiba sa inyong paggamot at pangangalaga sa ospital. Sa ilang sitwasyon, tutulong ng mga residente o kasamahan ang isang nangangasiwang doktor (nagtapos ang mga provider na ito sa paaralang medikal at sumasailalim sa higit pang pagsasanay sa pamamahala ng nangangasiwang provider).

Ang aking doktor ay si: _____

Ang aking residenteng doktor ay si: _____

Ang aking propesyonal na nurse ay si: _____

Ang katulong ng aking doktor ay si: _____

Hospitalist

Ang isa pang doktor na maaari ninyong makausap ay ang isang hospitalist. Nagtatrabaho lamang siya sa ospital, nangangalaga sa mga pasyente kapag wala ang mga nangangasiwang provider. Sa pamamagitan ng pakikipagkoordinar sa inyong nangangasiwang doktor, mga nurse, at manager ng kaso, makakatulong siya sa pagbibigay ng ekspertong pangangalaga sa lahat ng oras.

Ang aking hospitalist ay si: _____

Mga Nurse

Ang mga rehistradong nurse (mga RN) at mga certified na licensed practical nurse (mga LPN) ay ang mga taong nagbibigay ng inyong pangangalaga sa higaan habang kayo ay nasa ospital. Isinasagawa nila ang pagbibigay ng mga gamot, pagsubaybay sa inyong mga vital sign, paghikayat sa ganap ninyong pakikibahagi sa inyong pangangalaga at pagtiyak na kumportable kayo hangga't maaari sa pamamagitan ng pagsunod sa plano ng paggamot ng inyong provider at sa inyong plano sa nursing care. Nang nakatuon sa inyong kapakanan at kaligtasan, nagseserbisyo ang mga nurse bilang inyong tagapagsulong at tumutulong sila sa pagbibigay sa inyo ng kaalaman tungkol sa kundisyon ninyo at sinasagot nila ang anumang tanong na maaaring mayroon kayo.

Ang aking mga nurse ay sina: _____

Manager ng kaso

Sa panahon ng inyong pananatili sa ospital, magkakaroon ng available na manager ng kaso para sa inyo. Makikipagtulungan ang manager ng kaso sa inyo at sa iba pang miyembro ng pangkat sa ospital upang ikoordina ang inyong plano ng pangangalaga kapag lalabas na kayo sa ospital. Maaaring sagutin ng inyong manager ng kaso ang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa saklaw ng insurance habang narito kayo, at titiyakin niyang magiging maayos hangga't maaari ang pag-uwi niyo sa inyong tahanan mula sa Swedish o paglipat sa ibang antas ng pangangalaga.

Ang aking manager ng kaso ay si: _____

Iba pang tagapag-alaga

Kumikilos ang mga espesyalista sa dose-dosenang larangan upang gawing mas kumportable ang inyong pananatili at tulungan kayong gumaling nang mas mabilis. Kasama rito ang mga physical, respiratory at occupational therapist, gayundin ang mga technician sa laboratoryo, tauhan sa diagnostic imaging, dietitian, pharmacist, certified na katulong sa pag-aalaga, social worker at chaplain. Bagama't maaaring hindi ninyo kailanganin ang kanilang mga serbisyo habang narito kayo, nakakapanatag ng kaloobang malamang nariyan sila kung kakailanganin ninyo.

Mga pangalan ng tagapag-alagang gusto kong matandaan:



Paglilingang ng kaligtasan

Kalinisan ng kamay



Upang mabawasan ang pagkalat ng mga germ at magkaroon ng ligtas na kapaligiran para sa aming mga pasyente, ipinag-uutos ng Swedish Medical Center sa lahat ng tagapag-alagang hugasan ang kanilang mga kamay, gamit ang alcohol gel o sabon at tubig, bago at pagkatapos pumasok sa isang kwarto. Hinihikayat namin ang mga bisitang gawin din ito gamit ang ibinigay na sabon o gel. Upang mapanatiling ligtas ang aming mga pasyente, hinihiling namin sa mga bisitang may sakit na huwag bumisita sa mga pasyente sa ospital.*

Bakit ka magiging ligtas at secure sa Swedish

Sa Swedish, pangunahing priyoridad namin ang kaligtasan ng pasyente. Ginagampanan ng Swedish ang isang aktibong tungkulin upang mabawasan ang bilang at dalas ng mga aksidente, pagkakamali, pinsala at impeksyon. Inilalaan namin ang kasalukuyang oras at lakas sa paglikha at tuluy-tuloy na pagpapahusay ng mga pamamaraan at sistemang pangkaligtasan. Ang aming pagsisikap ay nakagawa na ng pagbabago, ngunit kailangan namin ang inyong pakikipagtulungan. Kung mayroon kayong alalahanin, MAINAM na magsalita o magtanong. Para sa higit pang detalye sa kung paano pinangangasiwaan ng Swedish ang kaligtasan ng pasyente, bisitahin ang Swedish.org/about/quality-and-patient-safety/quality-information-sources.



Pagtatanong ng inyong pangalan

Ang isa sa mga pinakahigit na napapansing paraan ng pagpapatibay namin sa kaligtasan ng pasyente ay ang isang bagay na mapapansin ninyo sa panahon ng inyong pananatili sa ospital. Paulit-ulit na tatanungin ng iba't ibang tagapag-alaga, kahit iyong mga nakausap na ninyo dati, ang inyong pangalan pati ang isang natatanging impormasyong nagpapakilala sa inyo (gaya ng petsa ng inyong kapanganakan). Gagawin ito bago kayo tumanggap ng anumang gamot, paggamot, pamamaraan o pagkain. Hindi, hindi namin nakakalimutan kung sino kayo. Isa itong simple at subok na hakbang upang tiyaking natatanggap ng tamang tao ang wastong pangangalaga.

Sa kabilang banda, hindi ninyo kakailanganing tanungin ang mga pangalan ng inyong tagapag-alaga, dahil naka-print ang mga ito sa opisyal na nametag ng empleyado ng Swedish, kasama ng kanilang mga larawan at pangalan ng departamento. Lahat ng aming empleyado ay kinakailangang magsuot ng nametag, na nagbibigay-daan sa inyong mabilis at madaling makilala ang taong nagbibigay ng inyong pangangalaga.

Pag-iwas sa pagkabagsak

Dahil sa maraming bagay, nagiging higit na mapanganib ang mga pagkakabagsak sa ospital kaysa sa ibang lugar. Ang ilang uri ng mga gamot, hindi pamilyar na kapaligiran at pisikal na kahinaan ay maaaring humantong lahat sa mga pagkakabagsak, na maaaring magdulot ng pinsala at magpabagal sa inyong paggaling. May mga barandilya kaming inilagay sa mga gilid ng inyong higaan at bibigyan namin kayo ng mga susuutin niyong medyas na hindi nakakadulas upang maiwasan ang inyong pagkakabagsak habang narito kayo. Bukod pa rito, maaari kayong tulungan sa mga pagpunta sa banyo at ipakita sa inyo ang paraan ng paggamit ng mga barandilya, walker o tungkod.

Pagtawag ng tulong

Kahit na nag-iisa kayo sa kwarto, mayroong isang tao sa malapit upang tingnan kayo at tulungan kayo sa anumang paraan. Ang kailangan lang ninyong gawin ay pindutin ang button ng inyong ilaw sa pagtawag (call light) at may isang tao kaagad na tutugon.

Pagtulong sa inyong kumilos

Hihikayatin ng inyong mga tagapag-alaga ang regular na pagkilos upang makatulong sa inyong paggaling. Upang tulungan kayo sa ligtas na paglalakad at pagkilos, maaaring gumamit ang inyong tagapag-alaga ng espesyal na kagamitan. Kung kakailanganin ninyo ang ganitong uri ng kagamitan, magbibigay ang inyong tagapag-alaga ng tagubilin at patnubay.

*Ang larawan ay mula sa Association for Professionals in Infection Control and Epidemiology (APIC)

Ang inyong pananatili sa Swedish

Pagkakaroon ng mahusay na pakikipag-ugnayan

Mahalaga ang epektibong pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga pasyente, kanilang mga kasama at mga tagapag-alaga para sa kaligtasan at napapanahong medikal na paggamot. Kung hindi ninyo gustong gumamit ng wikang Ingles, o mayroon kayong kapansanan sa pandinig, pagsasalita at/o paningin, nagbibigay ang Swedish ng kwalipikadong interpretasyong medikal sa mahigit 200 wika at diyalekto, bukod pa sa mga interpreter ng sign language at iba pang tulong sa pakikipag-ugnayan gaya ng mga pantulong na device sa pakikinig, naisalin na materyal ng pasyente, mga serbisyo ng Braille at CART, at pag-close caption (kung saan available). Available 24/7 ang mga kwalipikadong interpretasyon at mga serbisyo ng pakikipag-ugnayan sa lahat ng Swedish campus, nang **libre**. Hindi namin pinapayagan ang paggamit ng mga miyembro ng pamilya, kaibigan o mga anak bilang mga medikal na interpreter, ngunit hinihikayat namin ang pagsuporta nila sa inyo at, sa pahintulot ninyo, ang pagbabahagi nila ng impormasyon nang ayon sa kinakailangan. Hangga't maaari, mangyaring ipagbigay-alam sa amin nang maaga ang inyong mga partikular na kinakailangan sa pakikipag-ugnayan.

Ginagawa kayong kumportable

Bagama't maaari kayong makaramdam ng ilang pananakit at kawalan ng ginhawa habang nagpapagaling, nilalayan naming maging kumportable kayo sa paraang magagawa pa rin niyong maging aktibo sa pang-araw-araw na pangangalaga, makapagpahinga at makapaglibang. Ipapagamit namin sa inyo ang 0-10 na sukatan sa pananakit upang ilarawan ang anumang pananakit na nararanasan ninyo. Kakausapin namin kayo nang madalas tungkol sa antas ng inyong pagkakumportable at kung paano umepekto sa inyo ang mga gamot at paggamot. Tutulungan namin kayong magbago ng inyong posisyon kung kinakailangan at maaari namin kayong bigyan ng mga therapy na ginagamitan ng init o lamig o iba pang nakakatulong na pamamaraan. Mangyaring ipagbigay-alam sa inyong team kung nagiging hadlang sa inyo ang antas ng inyong pananakit upang makipagtulungan sa inyong paggaling, kung mayroong pagbabago sa paraang nararamdamam ninyo ang pananakit, saan kayo nakakaramdam ng sakit, o kung mas mabilis sa inaasahan ang pagkawala ng bisa ng gamot sa pananakit. Gagawin namin ang lahat ng makakaya, ngunit maaaring hindi namin mapawi ang lahat ng pananakit o kawalan ng ginhawa.



Pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan at miyembro ng pamilya

Isang mahalaga at kinakailangang gawain ang pagpapabatid ng inyong kundisyon sa mga mahal sa buhay at kaibigan. Upang mas padaliin ito at mabawasan ang oras na gugugulin, inirerekomenda namin ang paggamit ng libre, secure at pribadong serbisyo sa web na tinatawag na CaringBridge. Binibigyang-daan kayo nitong gumawa ng naka-personalize na website para sa pag-post ng mga larawan, video at entry sa journal. Kung gusto ninyong matuto pa, pumunta sa site na Caringbridge.org/swedish.

Pakikinig nang may pagmamalasakit

Bilang isang pasyente sa ospital, miyembro ng pamilya o kaibigan, maaari kayong maharap sa mahihirap na pagkakataong nakakaapekto sa inyong katawan, isipan at damdamin. Dito sa Swedish, gusto naming matugunan ang anumang emosyonal o ispiritwal ninyong pangangailangan. May mga chaplain na makikinig nang may pagmamalasakit, tatalakayin ang inyong mga alalahanin, tutulong sa inyong guminhawa ang pakiramdam o magdasal kung hihilingin. Mangyaring ipagbigay-alam sa inyong tagapag-alaga kung gusto ninyo ng makakausap. Pinagsisilbihan ng mga chaplain ang mga tao sa lahat ng pangrelihiyon at pansimbahang tradisyon, kabilang iyong mga taong hindi itinuturing ang sariling relihiyoso o mananampalataya. Available sa lahat ang pakikinig nang may pagmamalasakit.

Mga alituntunin sa bisita

Naniniwala kaming nakakatulong ang pagpunta ng mga sumusuportang kaibigan at kamag-anak upang mas mabilis kayong gumaling at mas guminhawa at maging kumportable ang inyong pakiramdam. Hinihikayat namin kayong imbitahan ang sinuman sa kanilang bumisita sa inyo habang nandito kayo. Sa kabilang banda, kung may isang taong ayaw ninyong bumisita sa inyo, ipaalam sa amin at titiyakin naming maibibigay ang inyong kahilingan.

Kung minsan, maaaring kailanganin ng mga nurse na limitahan ang bilang ng mga bisita at/o ang tagal ng kanilang pananatili dahil sa inyong pangangailangan magpahinga o magpagamot, o dahil sa pagkakaroon ng iba pang pasyente sa kwarto. Ipababatid sa inyo ng nurse ninyo kung may anumang espesyal na paghihigpit sa bisita. Upang bigyang-daan kaming masubaybayan ang mga tao sa ospital, kakailanganin naming magbigay ng mga I.D. badge sa inyong mga bisita kung narito sila sa labas ng regular na oras ng pagbisita (5 a.m. hanggang 9 p.m.). Para sa ilang unit sa Swedish, kinakailangan ng mga bisitang suotin ang mga I.D. badge sa lahat ng pagkakataon.

Ang lahat ng bisita ay kinakailangang kumilos sa magalang at mapagbigay na paraan. Paaalisin ang sinumang hindi susunod dito. Pakihiling sa mga bisitang may nakakahawang karamdaman (gaya ng ubo, sipon, trangkaso, bulutong, tigdang o beke) na huwag pumunta sa ospital, kung saan maaari ka nilang mahawaan o ang iba pa sa pasilidad.

Pagkonekta sa Swedish

Habang narito kayo at kapag nakauwi na kayo, magbibigay kami ng maraming klase ng paraan upang malaman ninyo ang tungkol sa mga tip sa kalusugan, mga pinakabagong pag-unlad sa medikal na teknolohiya, at iba pang paksa ng interes ng maraming uri ng tao.

Pakibisita ang [Swedish.org/about/engage](https://www.swedish.org/about/engage) at kumonekta sa Swedish sa pamamagitan ng Facebook, Twitter, Google at YouTube. Bukod pa rito, maaari ninyong i-access ang Swedish Blog sa [Swedish.org/blog](https://www.swedish.org/blog). Upang makatanggap sa koreo ng papel na bersyon ng aming newsletter na HealthWatch na kada tatlong buwan nilalabas, pakipadala ang inyong pangalan at mailing address sa swedish@mail-ad.com o tumawag sa 206-386-6797.

Libreng koneksyon sa internet

Upang mapanatili ang pakikipag-ugnayan sa mga mahal sa buhay o upang tumingin ng email, nagbibigay kami ng libreng koneksyon sa Internet para sa inyo at sa inyong mga bisita. Maaari din ninyong gamitin ang koneksyong ito upang i-access ang mga materyal sa impormasyong pangkalusugan sa aming website: [Swedish.org](https://www.swedish.org).

Mga personal na gamit

Sa pagsisikap na matiyak ang kaligtasan at seguridad ng lahat sa Swedish, nakalaan sa amin ang karapatang suriin ang mga nilalaman ng luggage o mga bag. Nakasaad ang pamamaraang ito sa nilagdaan mong form sa pahintulot ng Mga Kundisyon ng Pagpasok, at binibigyang-daan kami nitong masuri ang mga item na gaya ng mga armas at ilegal na droga.

Mga alituntunin sa paninigarilyo

Upang protektahan ang kalusugan ng aming mga pasyente, bisita at kawani, ipinagbabawal ang paninigarilyo, tabako, sheesha, e-cigarette o pagnguya ng tabako sa paligid ng pasilidad ng Swedish. Tatanungin kayo ng inyong nurse kung gusto ninyong matulungan sa paghinto sa paninigarilyo. Nakita sa mga pag-aaral na sa pamamagitan ng tamang programa, magagawa halos ng sinuman na tumigil sa paninigarilyo. Kung minsan, ang pananatili sa ospital ay nagbibigay ng mahusay na insentibo upang huminto. Pakitanong ang inyong nurse para sa higit pang impormasyon o tumawag sa 1-800-QUIT-NOW.

Mga patakaran tungkol sa iba pang pinagmumulan ng usok o apoy

Nauunawaan naming isang ritwal na pangrelihiyon o pangkultura ang pagsisindi ng insenso o kandila, ngunit hindi namin ito pinapayagan sa alinmang pasilidad ng Swedish dahil sa posibilidad ng mga itong magsimula ng apoy o makaapekto sa kalinisan ng hangin. Ang tanging lugar kung saan naaangkop ang pagsisindi ng mga kandila nang may paunang abiso ay sa isa sa aming mga chapel.

Mga amoy at sensibilidad

Dahil sa matatapatang na amoy na maaaring makairita sa ibang tao at makasama sa kanilang kalusugan, hinihiling namin sa lahat ng pumapasok sa pasilidad na huwag gumamit ng mga pabango, lotion sa katawan o cologne.

Mga Hayop

Pinapayagan ang mga service dog (o maliliit na kabayo) sa alinmang pasilidad ng Swedish. Pinapayagan din sa mga ospital sa King County ang mga therapeutic na kasamang hayop. Hindi pinapayagan ang mga alagang hayop. Ang may-ari ang tanging responsable sa pangangalaga at pangangasiwaan ng service animal o mga therapeutic na kasamang hayop. Ang mga hayop ay ganap dapat na pinangangasiwaan at kinokontrol ng kasamang nasa hustong gulang. Hindi makapagbibigay ang mga kawani ng Swedish Medical Center ng pangangalaga, pagkain, grooming, aktibidad o espesyal na lokasyon para sa hayop. Kung magiging banta sa kalusugan o kaligtasan ang pananatili o pag-uugali ng hayop, kakailanganin nitong umalis sa pasilidad.

Mga etika sa larawan, video at pagkapribado

Ang bawat isa ay may karapatan sa pagkapribado habang nagtatrabaho, bumibisita o ginagamot sa isang pasilidad ng Swedish. Mangyaring igtalang ang mga karapatan sa pagkapribado ng iba habang kayo ay nandito, at huwag mag-record ng audio o kumuha ng mga larawan o video ng mga pasyente, bisita o empleyado, maliban kung mayroon kayong nakasulat na pahintulot mula sa kanila. Isang krimen sa estado ng Washington ang pag-record nang walang pahintulot.

Ang inyong mga medikal na talaan

Paano namin pinoprotektahan ang inyong personal na impormasyong pangkalusugan

Pinangangasiwaan ng Swedish ang inyong impormasyong pangkalusugan nang mahigpit na nakaalinsunod sa mga batas sa pagkapribado ng pederal na pamahalaan at ng estado. Maaari ninyong tingnan ang mga partikular na probisyon ng aming mga alituntunin sa pagkapribado sa pamamagitan ng paghiling ng kopya ng aming Paunawa sa Mga Kagawian ng Pagkapribado, na available sa iba't ibang wika. Humingi lang sa inyong tagapag-alaga o tingnan online sa Swedish.org/medicalrecords. O maaari kayong tumawag sa 206-215-2613 upang humiling ng nakasulat na kopya.

Paano ninyo maa-access ang inyong mga talaan ng kalusugan

Nagbibigay ang MyChart ng online na access sa mga bahagi ng inyong elektronikong talaan ng kalusugan (electronic health record, EHR). Binibigyang-daan kayo nitong magamit nang ligtas ang Internet upang makatanggap at tumulong sa pamamahala ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan. Isa itong mahusay na paraan sa paggamit ninyo ng computer o smart phone upang tingnan ang inyong kasaysayang pangkalusugan, mga resulta ng pagsusuri sa laboratoryo, mag-ayos ng mga appointment, mag-order ng mga refill ng reseta at higit pa. Ito ay pribado at madaling gamitin. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa MyChart account, bisitahin ang: Swedish.org/landing-pages/swedish-mychart.

Humiling ng kopya ng inyong mga medikal na talaan mula sa Paglalabas ng Impormasyon (Release of Information, ROI):

May karapatan kayong kumuha ng kopya ng inyong mga medikal na talaan sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan. Maaari ninyong gamitin ang Form sa Kahilingan ng Pasyente sa Pag-access o kaya ay sumulat ng liham na may mga sumusunod na kinakailangang elemento:

1. Nilagdaan ng indibidwal (pasyente)
2. Malinaw na ipinakikilala ang taong itinalaga upang tumanggap ng mga talaan
3. Tinutukoy kung saan ipapadala ang kopya ng pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan

Available din sa Information Desk ng ospital ang isang packet na naglalaman ng kinakailangan ninyong malaman upang makahiling ng inyong mga talaan, o maaari kayong pumunta sa Swedish.org/medicalrecords. Maaari kayong makipag-ugnayan sa Paglalabas ng Impormasyon (Release of Information) sa 206-320-3850 para sa higit pang impormasyon.



Mga direktiba sa medikal na pangangalaga

Tungkol sa “Mga Habilin Habang Nabubuhay” at iba pang paunang direktiba

Ang mga paunang direktiba ay mga nakasulat na tagubilin nagsasabi sa amin ng gusto at hindi ninyo gustong medikal na paggamot sakaling wala kayong kakayahang magpasya ukol sa mga iyon. Bago gawin at lagdaan ang mga dokumentong ito, ipinapayo naming talakayin ito sa mga miyembro ng pamilya, kaibigan o mga ispiritwal na tagapayo. Sa panahon ng pagpasok o para sa isang pre-admission na pagbisita bago ang operasyon, tatanungin kayo kung mayroon kayong Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan (tinatawag minsang “habilin habang nabubuhay”), isang Durable Power of Attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan (isang taong nakatalaga upang gumawa ng mga medikal na pasya para sa inyo kung wala kayong kakayahan gawin ito), at kung gusto ninyong maging organ donor. Kapag papasok sa ospital, ibigay sa admitting nurse ang inyong mga direktiba sa medikal na pangangalaga, kung dala ninyo ang mga ito, at idaragdag ang mga ito sa inyong medikal na talaan. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa pagkuha ng mga direktiba sa medikal na pangangalaga, pakitanong ang inyong social worker o nurse.

Kailan ginagamit ang CPR?

Ginagamit ng Swedish ang CPR (Cardio-Pulmonary Resuscitation) kapag biglang humihinto ang puso sa pagtibok o ang baga sa paghinga. Kadalasang kasama rito ang mga pag-compress sa dibdib, ang paggamit ng mga gamot at/o electric shock upang subukang maibalik ang tibok ng puso, at ang paglalagay ng tubo sa windpipe upang mapanatili ang paghinga. Ang mga pasyenteng ayaw sa CPR ay dapat kumuha ng nakasulat na utos ng doktor bago pa ang paghahayag na sila ay DNR (Do Not Resuscitate o Huwag Ibalik ang Malay-tao) na pasyente. Ang pasyang maging DNR na pasyente o hindi tumanggap ng anumang iba pang paggamot na nagpapanatili ng buhay ay hindi magiging hadlang sa anumang paraan, sa pagtanggap ng mga pasyente ng pangangalaga.

Ano ang isang POLST?

Bukod sa mga paunang direktiba, maaaring magdagdag ang mga pasyente ng dokumentong nakuha mula sa kanilang doktor na tinatawag na form ng POLST. Nangangahulugan ang POLST na Physician Orders for Life-Sustaining Treatment (Mga Utos ng Doktor para sa Paggagamot na Nagpapanatili ng Buhay). Inirekomenda ang dokumentong ito sa sinumang may malalang karamdamang nagtatanging sa buhay o nakararanas ng paulit-ulit na panghihina. Ginagamit ng mga provider ang POLST upang malinaw na katawanin ang mga kahilingan ng pasyente sa pamamagitan ng mga medikal na biling nagsasaad kung anong mga uri ng paggamot na nagpapanatili ng buhay ang gusto nila o hindi nila gusto sa pagwawakas ng buhay.

Ano ang Paunang Direktiba sa Kalusugan ng Pag-iisip?

Ang Paunang Direktiba sa Kalusugan ng Pag-iisip ay isang dokumentong nagbibigay-daan sa inyong isulat kung paano ninyo gustong pamahalaan sa hinaharap ang inyong paggamot sa kalusugan ng pag-iisip. Ito ay katulad ng Habilin habang Nabubuhay. Pinapairal lamang ito kapag kayo ay naging “incapacitated” — hindi makagawa ng mga maayos na pagpapasya dahil sa pagkakaroon ng sakit sa pag-iisip. Maaari kayong gumawa ng direktibang nagbibigay sa isang tao ng legal na kapangyarihang magpasya sa kalusugan ng pag-iisip para sa inyo, at maaari ninyong isulat ang mga tagubilin tungkol sa mga paggamot na gusto ninyo o hindi ninyo gustong matanggap. Ang Mga Paunang Direktiba sa Kalusugan ng Pag-iisip ay awtorisado ng batas ng estado ng Washington.

Tumulong sa paggawa ng mahihirap na pagpapasyang etikal

Kung minsan, ang mga pasyente at kanilang mga pamilya ay nahaharap sa mga kumplikadong pagpapasya sa paggamot. Ang Aming Komite sa Etika — na binubuo ng mga doktor, nurse at social worker na iniisip ang pinakamahusay na interes ng pasyente — ay available 24/7 para sa konsultasyon kung kailangan ninyo o ng inyong pamilya ng tulong sa mga pagpapasyang ito. Maaari kayong bigyan ng inyong nurse ng higit pang impormasyon.

Ang pagbibigay ng organ bilang donasyon

Ang pagiging isang organ donor ay isang gawain ng kabutihang-loob at pagmamahal na makalilikha ng malaking pagbabago hindi lang sa buhay ng isang tao, ngunit hanggang sa buhay ng 50 tao! Malaki ang pangangailangan para rito, dahil sa ngayon ay nasa 120,000 katao ang nasa mga listahan sa paghihintay ng organ sa U.S., at marami ang maghihirap sa loob ng maraming taon bago makahanap ng naaangkop na donor. Kadalasang sinasabi ng mga pamilya ng mga organ donor na nababawasan ang kanilang kalungkutan kapag nalalaman nilang nakapagbigay ng bagong buhay sa ibang tao ang mga organ ng mahal nila sa buhay. Kung hindi pa ninyo idinedeclarang organ donor ang inyong sarili, talakayin ito sa pamilya at mga kaibigan.

Upang matuto pa, pumunta sa website ng Life Center Northwest sa: Lcnw.org/ o Donate Life Today sa Donatelifetoday.com o tumawag sa 1-877-275-5269.

Ang inyong mga karapatan bilang pasyente

Gusto ng Swedish Medical Center na magkaroon kayo ng kaalaman sa inyong mga karapatan bilang isang pasyente. Gagawin namin ang lahat ng maaaring pagsisikap upang matiyak na iginagalang ang inyong mga karapatan. Bilang pasyente sa Swedish, may karapatan kayong:

- Humiling, tumanggap o tumangging magkaroon ng mga bisita sa inyong sariling pagpapasya (o pagpapasya ng inyong kinatawan), maliban kung mayroong pangangailangang klinikal o makatuwirang paghihigpit/limitasyon para rito.
- Magamot ng lahat ng kawani ng ospital nang may paggalang, dignidad at respeto.
- Masuportahan sa inyong mga personal, kultural at ispiritwal na pagpapahalaga kapag nagpapasya tungkol sa paggamot.
- Maabisuhan kaagad ang pipiliin ninyong tao at ang inyong doktor tungkol sa inyong inpatient na pagkakaospital.
- Makipag-usap tungkol sa anumang reklamong mayroon kayo sa inyong pangangalaga nang walang pangambang makatanggap ng hindi maayos na paggamot. Masuri nang napapanahon ang inyong mga alalahanin nang may kasamang tulong o pagtataguyod ayon sa kinakailangan at malutas ang mga ito nang napapanahon hangga't maaari. May karapatan kayong maabisuhan sa kasulatan tungkol sa tugon sa inyong mga alalahanin.
- Malaman ang pangalan at titulo ng inyong mga tagapag-alaga.
- Malaman kung ang inyong pangangalaga ay nauugnay sa pagsasanay ng mga provider sa pangangalagang pangkalusugan. May karapatan kayong sumang-ayon o tumangging makibahagi.
- Makatanggap ng kumpleto at kasalukuyang impormasyon tungkol sa inyong diagnosis, paggamot at prognosis na nakasaad sa mga terminong nauunawaan ninyo. Kasama dapat sa lahat ng paliwanag ang:
 - Isang paglalarawan ng pamamaraan o paggamot, at kung bakit ito isasagawa
 - Mga posibleng kapakinabangan
 - Mga nalalamang malubhang side effect, panganib o drawback
 - Mga potensyal na problema sa panahon ng pagpapagaling
 - Mga posibilidad ng tagumpay
 - Iba pang pamamaraan o paggamot na maaaring gawin
- Magkaroon ng interpreter o tulong sa pakikipag-ugnayan kung hindi kayo nagsasalita ng Ingles, kung pangalawang wika ninyo ang Ingles, o kayo ay bingi, nahihirapang makarinig, may mga problema sa paningin, may cognitive impairment o may mga kapansanan sa pagsasalita. Ilangkop ang pakikipag-ugnayan sa inyong edad at mga pangangailangan. Ibinibigay nang libre ang mga serbisyo ng kwalipikadong interpreter at pantulong na device.
- Makipagtulungan sa inyong mga doktor at iba pang tagapag-alaga sa kalusugan sa pagpapalano ng inyong pangangalaga.
- Maabisuhan tungkol sa mga resulta ng paggamot, positibo at negatibo, inaasahan o hindi inaasahan.
- Humiling at tumanggap ng inyong mga medikal na talaan sa makatuwirang yugto ng panahon at isang paglalarawan ng lahat sa inyong mga talaan.
- Tumanggi sa anumang pamamaraan, gamot o paggamot at maabisuhan tungkol sa mga posibleng resulta ng inyong pasya.
- Maging malaya sa pamimipigil o pagbubukod na isinasagawa bilang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, para sa kaginhawahan o dahil sa hindi pagsunod. Gagamitin lang ang pamimigil o pagbubukod upang matiyak ang agarang pisikal na kaligtasan ng pasyente, kawani o ng ibang tao sa ospital, at ihihinto ito kapag hindi na nagbabanta sa kaligtasan ang pag-uugali ng pasyente.
- Gumawa ng mga paunang direktiba sa paggamot, gaya ng Durable Power of Attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan o Mga Habiin habang Nabubuhay, o Utos ng Doktor para sa Paggamot na Nagpapanatili ng Buhay (Physician's Order for Life Sustaining Treatment, POLST), at maisakatuparan ang mga kahilingang ito sa pamamagitan ng pagsunod dito ng mga tagapag-alaga. Available ang karagdagang impormasyon kapag hiningi ito.
- Sa personal na pagkapribado, sa sukdulang naaangkop sa inyong mga pangangailangan sa pangangalaga. Isasagawa ang pagtalakay ng kaso, konsultasyon, pagsusuri at paggamot upang protektahan ang pagkapribado ng bawat pasyente.
- Makilala ang doktor na pangunahing nangangasiwa sa inyong pangangalaga, gayundin ang sinumang doktor na maaaring tumitingin sa inyong kaso.
- Mapanatiling kumpidensyal ang lahat ng pakikipag-ugnayan at talaang nauugnay sa inyong pangangalaga.
- Sa sumusuportang pangangalaga, kabilang ang naaangkop na pagtatasa at pamamahala ng pananakit, paggamot ng mga nagpapahirap na sintomas at suporta sa inyong mga emosyonal at ispiritwal na pangangailangan, anuman ang inyong medikal na kalagayan o pasya sa paggamot.
- Makatanggap ng pangangalaga sa isang ligtas na lugar, at maging malaya sa anumang anyo ng pang-aabuso o panliligalig, at magkaroon ng access sa mga nagpoprotektang serbisyo.
- Humingi ng tulong (kabilang ang mga kahilingan ng pamilya o ng bisita) mula sa Komite sa Etika ng Swedish (Swedish Ethics Committee) hinggil sa mga tanong o isyu sa etika sa lugar ng inyong pangangalaga.

- Mailipat sa ibang pasilidad sa inyong kahilingan o kapag medikal na naaangkop at legal na pinapahintulutan. May karapatan kayong mabigyan ng kumpletong paliwanag kung bakit kailangan kayong mailipat at kung may iba pang opsyon. Dapat muna kayong tanggapin bilang pasyente ng pasilidad kung saan kayo ililipat.
- Malaman kung may nauugnay na pananaliksik o pang-eksperimentong pamamaraan ng paggamot sa inyong pangangalaga, at maprotektahan sa panahon ng mga pananaliksik at klinikal na pagsubok. May karapatan kayong sumang-ayon o tumangging makibahagi. Kapag tumanggi kayong lumahok, hindi nito mahahadlangan ang inyong access sa anumang pangangalaga sa Swedish.
- Maabisuhan sa panahon ng inyong pananatili sa ospital tungkol sa mga opsyon sa pangangalaga ng pasyente kapag hindi na kinakailangang maalagaan sa ospital. May karapatan kayong makibahagi sa pagpapalano para sa paglabas ninyo ng ospital.
- Masuri ang inyong bill at makatanggap ng paliwanag ng mga singilin, anuman ang paraan ninyo ng pagbabayad para sa inyong pangangalaga.
- Malaman ang tungkol sa mga patakaran, pamamaraan, panuntunan o regulasyon ng ospital na naaangkop sa inyong pangangalaga.
- Sa paggawa ninyo o ng inyong kinatawan ng mga ipinabatid na pasya hinggil sa inyong pangangalaga.
- Isama ang mga miyembro ng pamilya o kapareha sa inyong mga pagpapasya sa pangangalaga.
- Magkaroon ng access sa, humiling ng mga pagbabago sa, at makakuha ng impormasyon sa mga paghahayag ng inyong impormasyong pangkalusugan, alinsunod sa naaangkop na batas.
- Maabisuhan tungkol sa mga hindi inaasahang resulta ng pangangalaga, paggamot at mga serbisyo.
- Legal na magtalaga ng tao upang pairalin ang mga karapatang nakasaad sa itaas sa inyong ngalan, kung wala kayong kakayahang mapairal ang mga ito.

Mga responsibilidad ng pasyente

Sa Swedish, gusto naming magkaroon kayo ng aktibong tungkulin sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Bilang pasyente sa Swedish, may responsibilidad kayong:

- Magbigay sa mga taong nauugnay sa inyong pangangalaga ng kumpleto at tumpak na impormasyon tungkol sa inyong kasaysayang medikal at pangangailangan sa pakikipag-ugnayan.
- Makibahagi sa mga pagpapasya tungkol sa inyong pangangalaga at paggamot.
- Magtanong tungkol sa mga hindi pamilyar na gawain at pamamaraan.
- Ipagbigay-alam sa inyong doktor o nurse ang tungkol sa anumang pagbabago sa inyong kalusugan.
- Sundin ang inyong plano ng paggamot ng pangangalaga.
- Maging maunawain sa iba pang pasyente at tumulong sa pagtiyak na magiging ganoon din ang inyong mga bisita.
- Igalang ang mga patakaran at kawani ng ospital.
- Isaayos ang mga paraan ng pagbabayad para sa inyong pagpapaospital.
- Maging magalang sa inyong mga tagapag-alaga at sumunod sa mga regulasyon ng ospital; matutulungan kami nitong mabigyan kayo ng ligtas na kapaligiran kung saan maibibigay namin sa inyo ang posibleng pinakamahusay na pangangalaga. Sa mga bihirang pagkakataon kung saan nailalagay sa alanganin ng mga pasyente ang aming ligtas na kapaligiran, inaabisuhan ang doktor tungkol dito at maaaring mapaalis sa ospital ang pasyente.



Checklist ng pasyente

Gusto naming maging maayos ang inyong pananatili sa ospital at ang inyong paggaling. Hinihikayat kayong pumili ng miyembro ng pamilya o kaibigan upang suportahan kayo at alamin ang tungkol sa inyong pangangalaga. Magkakaroon kayo at ang sinumang taong susuporta sa inyo ng mahalagang tungkulin sa inyong paggaling.

Pakilagyan ng check ang mga kahon sa ibaba kapag pinunan ang mga ito at isulat ang anumang katanungang mayroon kayo.

Ang taong sumusuporta sa akin ay si: _____

Ang aking numero ng telepono ay: _____

Inaasahan kong lalabas ako sa ospital sa: _____

Ang aking transportasyon (sasakyan pauwi) ay nakaayos sa: _____

Naospital ako dahil: _____

Habang narito ako...

- Nauunawaan ko ang aking mga gamot, paggamot at pagsusuri.
- Kumportable ako hangga't maaari.
- Nakikibahagi ako sa mga pang-araw-araw na aktibidad hangga't maaari.

Bago ako lumabas...

- Alam ko kung aling mga gamot ang kailangan kong gamitin, kung bakit, at kung anong mga side effect ang dapat bantayan. Alam ko kung paano at saan kukunin ang mga ito.
- Nauunawaan ko ang aking kundisyon/karamdaman at kung anong mga sintomas ang iuulat.
- Alam ko kung anong mga aktibidad ang ligtas para sa akin.
- Alam ko kung ano ang maaari kong kainin.

Upang maging handa sa paglabas...

- May plano akong kumuha ng anumang kagamitang maaaring kailanganin ko.
- Alam ko kung sinong (mga) doktor ang tatawagin at mayroon ako ng kanilang (mga) numero ng telepono.
- Naayos na ang aking mga appointment sa pag-follow up.
- Nasagot na ang aking mga tanong.

Mga tanong sa billing

Habang naghahanda kayo sa pag-uwi, maaaring may mga tanong kayo tungkol sa inyong bill sa ospital. Sisingilin ba ang aking insurance? Magkano ang kakailanganin kong bayaran? Paano kung hindi ko ito mababayaran lahat sa isahang bayad? Pakidirekta ang inyong mga tanong sa tanggapan ng aming negosyo sa 206-320-5300, o tumawag nang toll-free sa 1-877-406-0438. Kung higit na madali, mahahanap ninyo ang higit pang impormasyon o makakapagbayad kayo ng bill online sa web address na ito: Swedish.org/billing.

Iba pang pangunahing nauugnay na provider:

- | | |
|---------------------------------------|--------------|
| • AMR (Ambulance) | 800-913-9106 |
| • Cellnetix | 800-374-4045 |
| • LabCorp | 888-680-4140 |
| • US Anesthesia Partners – Washington | 888-900-3788 |
| • Pacific Anesthesia (Edmonds campus) | 425-407-1500 |
| • Radia Imaging | 888-927-8023 |

Pinansyal na tulong

Pinahahalagahan ng Swedish ang mga tao at ang kanilang mga pangangailangan, may kakayanan man silang magbayad o wala. Tutulungan namin ang aming mga pasyente sa anumang isyung pinansyal, kasama ang paghahanap ng mga paraan upang maging higit na abot-kaya ang medikal na pangangalaga. Nag-aalok ang mga ospital ng Swedish ng pinansyal na tulong sa mga kwalipikadong pasyenteng hindi kayang bayaran ang kanilang mga medikal na bayarin. Kung nagkakaproblema kayo sa pagbabayad sa lahat ng, o ilan sa, inyong pangangalagang pangkalusugan, mangyaring makipag-ugnayan sa isang pinansyal na tagapagtaguyod ng pasyente o kinatawan sa serbisyo sa customer tungkol sa kung paano namin kayo matutulungan. Makakausap sila sa pamamagitan ng telepono sa 877-406-0438 o sa aming website sa Swedish.org/patient-visitor-info/billing.



Mga komento at alalahanin

Mga komento o alalahanin tungkol sa inyong pananatili sa Swedish

Mayroong pamamaraan ang Swedish Medical Center kung saan maaaring magparating ang mga pasyente ng mga alalahanin nang walang pangambang malalagay sa alanganin ang kanilang pangangalaga. Kung kayo o ang miyembro ng inyong pamilya ay mayroong mga reklamo tungkol sa medikal na pangangalagang natatanggap sa aming ospital, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-usap sa sinumang manager o miyembro ng kawani sa inyong unit. Nagsisikap kaming malutas nang mabilis hangga't maaari ang anumang hindi kasiya-siyang isyu sa panahon ng inyong pananatili.

Maaari din kayong makipag-ugnayan sa sumusunod:

Para sa mga isyu sa pangangalagang medikal:

Clinical Quality Investigations (clinical-care issues)
747 Broadway
Seattle, WA 98122-4307
206-386-2111
Email: SMC-CQI@swedish.org

Para sa mga isyu sa karanasan ng customer:

Kung mayroon kayong mga alalahanin, reklamo, o positibong pagkilala tungkol sa anumang aspetong hindi pangklinika sa inyong pananatili sa ospital, mangyaring mag-email sa: CustomerExperience@swedish.org

May karapatan din kayong makipag-ugnayan sa Department of Health ng Washington State, o na makipag-ugnayan sa Accrediting Agency, Det Norske Veritas (DNV) ng aming ospital para sa mga alalahaning hinggil sa inyong pananatili sa ospital.

Washington State Department of Health
Health System Quality Assurance
Complaint Intake
P.O. Box 47857
Olympia, WA 98504-7857
1-800-633-6828
Email: HSQAComplaintIntake@doh.wa.gov

Det Norske Veritas (DNV)
DNV-GL Healthcare
Attn: Hospital Complaints
400 Techne Center Drive, Suite 100
Milford, OH 45150
1-866-496-9647
Email: Hospitalcomplaint@dnvgl.com

Kung kayo ay benepisyaryo ng Medicare:

Kung kayo ay isang benepisyaryo ng Medicare at mayroong alalahanin hinggil sa kalidad ng pangangalaga, sa saklaw ng inyong Medicare o maagang pagpapalabas sa ospital, maaari kayong makipag-ugnayan sa KEPRO:

KEPRO
1-888-305-6759
TTY: 1-855-843-4776

Para sa mga alalahaning nakabatay sa klinika, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Swedish Medical Group (mga klinika)
Idirekta ang mga alalahanin sa clinic manager o patient relations sa: 206-215-2979
Email: SMG-PatientRelations@swedish.org

Paunawa sa hindi pandidiskrimina at mga karapatan sa pagiging naa-access

Sinusunod namin ang mga naaangkop na pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi nandidiskrimina sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian. Hindi ginagawa ng Swedish ang pagbabawal sa mga tao o pagtrato sa kanila nang iba dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian. Ang Swedish ay:

- (1) Nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang maging epektibo ang kanilang pakikipag-ugnayan sa amin, gaya ng: (a) Mga kwalipikadong interpreter ng wikang pasenyas (sign language); at (b) Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format).
- (2) Nagbibigay ng libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng: (a) Mga kwalipikadong interpreter; at (b) Impormasyong nakasulat sa iba pang wika.

Kung kailangan ninyo ng alinman sa mga serbisyong nakasaad sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa naaangkop na coordinator ng mga karapatang sibil sa ibaba. Kung kailangan ninyo ng mga Telecommunications Relay Service, mangyaring tumawag sa 1-800-833-6384 o 7-1-1.

Kung naniniwala kayong hindi naibigay ng Swedish ang mga serbisyong ito o nandidiskrimina ito sa ibang paraan sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari kayong maghain ng karaingan sa Swedish sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa coordinator ng mga karapatang sibil para sa inyong lokasyon ng serbisyo ayon sa nakalista sa ibaba:

Lokasyon ng serbisyo	Coordinator ng mga karapatang sibil
Lahat ng lokasyon maliban sa Swedish Edmonds	Civil rights coordinator, 101 W. 8th Ave., Spokane, WA 99204 Telepono: 1-844-469-1775; Linya ng interpreter: 1-888-311-9127 Email: Nondiscrimination.WA@providence.org
Swedish Edmonds	Civil rights coordinator (Bed Control), 21601 76th Ave. W. Edmonds, WA 98026 Telepono: 1-844-469-1775; Linya ng interpreter: 1-888-311-9178 Email: Nondiscrimination.SHS@providence.org
Mga Serbisyo sa Matatanda	Civil rights coordinator, 2811 S. 102nd St., Suite 220, Tukwila, WA 98168 Telepono: 1-844-469-1775; Linya ng interpreter: 1-888-311-9127 Email: Nondiscrimination.pscs@providence.org

Maaari kayong maghain ng karaingan nang personal o sa pamamagitan ng mail, fax o email. Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghain ng karaingan, available ang isa sa mga nakalista sa itaas na coordinator ng mga karapatang sibil upang tulungan kayo.

Maaari din kayong maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Department of Health and Human Services ng U.S., Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil, sa elektronikong pamamaraan sa pamamagitan ng Portal sa Pagreklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights Complaint Portal), na available sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>, o sa pamamagitan ng mail o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Ave. SW
Room 509F, HHH Building Washington, DC 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD).

Available ang mga form sa pagrereklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

We do not discriminate on the basis of race, color, national origin, sex, age, or disability in our health programs and activities.

ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711).

注意：如果您講中文，我們可以給您提供免費中文翻譯服務，請致電 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711)

CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí có sẵn dành cho bạn. Gọi số 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711).

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711).

주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711) 번으로 전화해 주십시오.

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (телетайп: 711).

ՈՒՇԱՒԴՐՈՒԹՅՈՒՆ. Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ կարող են տրամադրվել լեզվական օգնություններ անվճար ծախսություններ: Չանգահարեք 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (հեռախոյ (TTY) 711).

يُرجى الانتباه: إذا كنتم تتكلمون اللغة العربية، فأعلموا أن خدمات المساعدة اللغوية متوفرة مجاناً لكم. اتصلوا برقم الهاتف 888-311-9127 أو برقم الهاتف 888-311-9178 عند الاتصال بالمركز الطبي السويدي في إدموندز (Swedish Edmonds) (أو بخط المبرقة الكاتبة TTY لضعاف السمع والنطق على الرقم 711).

توجه: اگر به زبان فارسی صحبت می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با شماره 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY:711) تماس بگیرید.

注意事項: 日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY:711) まで、お電話にてご連絡ください。

पिआठ पिउ: ने उमी पंजाबी बोलि रे, उं उमा पदिच सहाइता मेरे उउाडे लयि मुदउ उिपलसि रे। 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711) 'उे काल वरे।

សូមចាំការផ្តល់: ប្រសិនបើលោកអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ នោះសេវាជំនួយផ្នែកភាសានឹងមានផ្តល់ជូនលោកអ្នកដោយឥតគិតថ្លៃ។ សូមទូរស័ព្ទទៅលេខ 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711)។

ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711) पर कॉल करें।

LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, koj tuaj yeem siv cov kev pab txhais lus pub dawb. Hu rau 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711).

โปรดทราบ: หากคุณพูดภาษาไทย คุณสามารถใช้บริการ ความช่วยเหลือทางภาษาได้โดยไม่มีค่าใช้จ่าย โทร 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711)



PASYENTE SA TRANSPLANT NG SWEDISH NA SI LEO KASAMA ANG KANYANG ANAK NA SI MARIA

Dahil sa natatanging kabutihang-loob, nagiging posible ang ganitong mga spangyayari

Humingi ng tulong si Leo sa Swedish nang mangailangan siya ng kidney transplant. Sinagip ang buhay niya ng maparaang pag-iisip ng kanyang team sa pangangalaga.

Nagiging posible ang isang natatanging pangangalagang pangkalusugan dahil sa inyong kabutihang-loob at nagdadala ito ng pag-asa sa mga pasyenteng tulad ni Leo.

Magdonasyon na ngayon sa [Swedishfoundation.org/generosity](https://www.swedishfoundation.org/generosity).



SWEDISH
MEDICAL CENTER
FOUNDATION

206-386-2738 | Foundation@swedish.org | [Swedishfoundation.org](https://www.Swedishfoundation.org)

Bilang isang organisasyong hindi nakatuon sa pagkakaroon ng kita, mababawas ang buwis sa inyong donasyon sa Swedish ayon sa pinahihintulutan ng batas. Salamat sa inyong kabutihang-loob.



BALLARD

5300 Tallman Ave. NW
Seattle, WA 98107-3932
T 206-782-2700

CHERRY HILL

500 17th Ave.
Seattle, WA 98122-5711
T 206-320-2000

EDMONDS

21601 76th Ave. W.
Edmonds, WA 98026-7507
T 425-640-4000

FIRST HILL

747 Broadway
Seattle, WA 98122-4307
T 206-386-6000

TDD/TTY: 206-386-2022

Swedish.org

ISSAQUAH

751 NE Blakely Drive
Issaquah, WA 98029-6201
T 425-313-4000

MILL CREEK

13020 Meridian Ave. S.
Everett, WA 98208-6422
T 425-357-3900

REDMOND

18100 NE Union Hill Road
Redmond, WA 98052-3330
T 425-498-2200